

INTERNATIONAL NAPASA (August 13th, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa August 17 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **KASHIWA REYSOL**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかな直売会のお知らせ

Sa August 17 (Saturday) mula 10:00 ng umaga ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta ng mga daing at sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

3) IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATAY AMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa August 21 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Ang Classic Musical Concert na Flute at Piano mula 11:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay magkakaroon ng **SHAKUHACHI** Concert. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

4) IMPORMASYON UKOL SA PAGBUBUKAS NG POOL PARK SA LOOB NG SIYUDAD

市内の公園プールオープンのお知らせ

Sa July 29 (Monday) hanggang sa August 18 (Sunday) ay magbubukas ang mga Swimming Pool Park sa loob ng siyudad. Ang **SHONAN BEACH PARK SWIMMING POOL** sa Takahamadai ay magbubukas mula 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon. Ang Entrance Fee ay ¥250 sa mga matatanda at ¥100 naman sa mga bata. Ang **OOKAMI POOL PARK** sa Ookami ay magbubukas mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon, ang pagpasok sa pool ay libre. Kung may katanungan ay tumawag sa **HIRATSUKA CITY GREEN PARK SECTION**. Telephone Number **0463-21-9852 (0463-21-9852)**.

5) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG SEPTYEMBRE

9月がっから始はじまるスポーツ教室きょうしつのお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **RHYTHMIC EXERCISES, TAICHI EXERCISES, STRECTH EXERCISES, YOGA** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Para sa iba pang mga katanungan ay maaaring tumawag sa **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)**, Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay sa August 15 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.